

## Attachment A

### Mga Karapatan at Pananagutan ng mga Pasyente

Nakatuon ang pangkat sa pangangalaga ng kalusugan ng Providence Alaska Medical sa pagsisilbi sa mga pasyente nito at sa kani-kanilang pamilya nang may **Paggalang, Pagkahabag, Katarungan, Kagalingan at Maingat na Pangangalaga**.

Bilang pasyente sa Providence Alaska Medical Center, mayroon kayong **karapatan** sa:

- mabuti at may paggalang na pangangalaga na kinikilala ang inyong personal na pinahahalagahan at pinaniniwalaan.
- pangagamot na walang hirap at pagkakaroon ng dignidad sa pagtatapos ng buhay.
- pangangalagang medikal anuman ang kasarian, edad, pinagmulang bansa, mga pisikal na limitasyon, pinagmumulan ng pambayad o kakayahang magbayad.
- pagpapasya tungkol sa inyong pangangalaga at sa pagsasama o hindi pagsasama ng mga miyembro ng pamilya o iba pa sa inyong pagpapasya .
- pagkakaroon ng lahat ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan at anumang pamamaraan na iminungkahi para sa inyong pangangalaga.
- pagtanggap sa anumang pangangalagang inialok sa inyo at makatanggap pa rin ng ibang pangangalagang sasang-ayunan ninyo.
- pagtanggap ng mga bisita 24 na oras kada araw, maliban kung nakasagabal ito sa inyong agarang pangangalaga.
- suporta ng mga panlipunang serbisyo at espirituwal na kalinga upang maging kaagapay sa inyong paggaling.
- nakatutulong na impormasyon at mga sagot sa inyong mga tanong.
- pagtanggap ng pagsasalin o iba pang tulong sa komunikasyon upang makatulong sa inyong maintindihan ang inyong sakit at pangagamot.
- pangalan ng lahat ng doktor at kawani na tumutulong sa inyong pangangalaga.
- pagpapalit ng doktor.
- pangagamot, ayon sa inyong pangangailangan, para sa pananakit.
- paggalang sa inyong Advance Directives (Mga Paunang Utos), na siyang susundin hangga't maaari.
- impormasyon tungkol sa kinalabasan ng inyong pangangalaga, kabilang ang mga hindi inaasahang kinalabasan.
- kalayaan mula sa abusong pang-kaisipan, pisikal, sekswal, at pananalita, pagpapabaya at pananamantala.
- hindi malimitahan maliban sa tinukoy na medikal na kinakailangan para sa inyong kaligtasan.
- paggalang sa inyong pansariling pagkapribado.
- kumpidensyal at ligtas na mga talang medikal. (Tingnan sa kabila at ang Abiso sa Mga Gawi sa Pagkapribado ng Providence Health System in Alaska )
- pagtanong tungkol sa mga singil sa inyo. Mangyaring tumawag sa Patient Accounts (Mga Account ng Pasyente) sa 1-866-747-2455.
- pagrereklamo sa natanggap ninyong pangangalaga at mapatingnan ang inyong mga reklamo at sagutin. Mangyaring tumawag sa Customer Service Line sa 261-3615 o 1-800-510-3375 kung mayroon kayong reklamo tungkol sa inyong pangangalaga.
- pag-uulat ng anumang hindi sinagot na alalahanin o reklamo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Office of Quality Monitoring of the Joint Commission na nagpapatunay sa ospital sa pamamagitan ng alinman sa pagtawag sa 1-800-994-6610 o pagpapadala ng e-mail [complaint@jointcommission.org](mailto:complaint@jointcommission.org) o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Alaska State Division of Certification and Licensing sa 1-888-387-9387.

Bilang isang pasyente, kayo at ang inyong pamilya, kung naangkop ay mayroong **pananagutan**:

- Sa pagbibigay ng tunay at kumpletong kasaysayang medikal.
- Sa pagtatanong at paghingi ng tulong upang inyong maintindihan ang pangangalaga, pangagamot at serbisyo sa inyo.
- Sa pagsunod sa plano ng pangagamot na binuo kasama ang pangkat sa pangangalaga sa kalusugan at magsabi sa mga tagapangalaga kung hindi katanggap-tanggap o hindi naiintindihan ang anumang bahagi ng plano.
- Sa pagsasabi sa pangkat sa pangangalaga sa kalusugan ang tungkol sa lahat ng pagbabago sa inyong kundisyon.
- Sa pagpapakita ng paggalang at pagsasaalang-alang para sa karapatan at pag-aari ng iba.
- Sa pagsunod sa mga panuntunan at regulasyon ng Providence Alaska Medical Center.
- Sa pagtugon sa inyong mga kailangang bayaran at humingi ng mga paliwanag para sa anumang mga singil na hindi ninyo nauunawaan o may katanungan.
- Sa pag-iwan ng inyong mga mahahalagang gamit sa tirahan, kung maaari, o managot para sa mga ito kung pinili ninyong dalhin ang mga ito sa ospital.

## Attachment A (pg. 2)

### Advance Directives (Mga Paunang Utos)

Ginagalang ng mga empleyado ng Providence Health System in Alaska ang inyong karapatang magpasya kung anong uri ng panggagamot at pamamaraan ang sinang-ayunan ninyong matanggap. May mga panahong lubhang malala ang sakit ng mga pasyente upang masabi sa amin ang kanilang mga kahilingan tungkol sa mga pagpipilian sa panggagamot. Sa mga pagkakataong iyon, tinitingnan namin ang mga nakasulat na dokumentong maaari ninyong ihanda upang masabi sa amin paano kayo gagamutin. Tinatawag ang mga dokumentong ito na **Advance Directives (Mga Paunang Utos)** dahil naunang ginagawa ang mga ito, habang maaari pa kayong magsalita para sa inyong sarili. Gagabayan n mga ito ang mga pagpapasya sa hinaharap sa pagkakataon na dahil sa sakit ninyo ay hindi na ninyo kayang makipag-usap pa sa amin. Mayroong dalawang uri ng Advance Directives—ang **Living Will** at ang **Power of Attorney for Health Care Decision Making (Power of Attorney para sa Pagpapasya sa Pangangalaga sa Kalusugan)**.

Isang nakasulat na dokumento ang **Living Will** kung saan ninyo inilista ang inyong mga kahilingan kung paano dapat gawin ang mga pasya tungkol sa inyong pangangalaga. Hangga't maaari pa kayong magsalita para sa inyong sarili, hindi ito gagamitin.

Sa dokumentong **Power of Attorney for Health Decision Making (Power of Attorney para sa Pagpapasya sa Pangangalaga sa Kalusugan)**, pinapangalanan ninyo ang taong aming hihingan ng pahintulot upang gamutin kayo kung hindi na ninyo kayang makipag-usap sa amin. Maaari ninyong italaga ang sinumang tao na kilalang-kilala kayo upang malaman ang inyong pinahahalagahan at mga kahilingan. Kapag hindi ninyo mismong masasabi sa amin, hihilingin namin sa taong itinalaga ninyo bilang Power of Attorney na sabihin sa amin kung anong pangangalaga ang nais ninyo.

Sa sandaling na-ospital kayo sa Providence Alaska Medical Center, tatanungin namin kayo tungkol sa inyong Advance Directives. Kung ginawa ninyo ang isa o ang pareho sa Advance Directives na ito, hihingi kami sa inyo ng kopya dahil hindi namin maipapatupad ang mga ito hangga't hindi namin nakikita ang mga ito. Kung hindi ninyo makuha ng kopya, pakisabi sa pangkat sa pangangalaga sa kalusugan ang kanilang sinabi. Sa oras na magkakopya na kami, isasama ito sa inyong talang medikal para sa paggamit sa hinaharap maliban na lang kung sasabihin ninyo sa aming nais ninyong kanselahin ito.

Kung hindi pa kayo nakakagawa ng Advance Directives, maaari namin kayong bigyan ng higit pang impormasyon at ang karaniwang mga form. Maaaring nais ninyong makakuha ang karagdagang impormasyon mula sa inyong doktor, mga miyembro ng pamilya, o abogado bago ninyo sagutan ang mga form.

Hindi kayo inaatasang gumawa ng Advance Directives (Mga Paunang Utos). Ito'y inyong pasya. Hinihikayat namin ang lahat, bata at matanda na kausapin ang mga miyembro ng inyong pamilya tungkol sa anong nararamdaman nila tungkol sa iba't ibang uri ng panggagamot. Sa pamamagitan nito ay magiging kumportable ang iba pang mga miyembro ng pamilya tungkol sa mga magiging pasya. Kung hindi pa kayo nagtatalaga ng taong magsasalita para sa inyo, tatanungin namin sa mga miyembro ng inyong pamilya kung anong pangangalaga ang nais ninyo kung hindi ninyo masasabi sa amin. Makakatulong ito sa kanila at sa amin, kung nakausap na ninyo sila tungkol sa inyong mga kahilingan. Ang inyong doktor, nars, social worker, o chaplain ay maaaring makatulong sa mga ganitong pag-uusap kung nais ninyo.

#### Pagiging Kumpidensyal

Mayroon kayong karapatang sabihin sa amin kung sino sa mga miyembro ng pamilya o kaibigan ang nais ninyong mabigyan ng impormasyon tungkol sa inyong medikal na kundisyon at panggagamot. Kung hindi kayo maaaring makipag-usap sa amin, karaniwan naming kinakausap ang mga miyembro ng inyong pamilya upang i-ulat ang inyong paggaling at tanungin sila tungkol sa inyong mga kahilingan. Kung may mga miyembro ng pamilya o ibang tao na hindi ninyo gustong kausapin namin, mangyaring sabihin sa inyong mga nars at doktor upang masunod ang inyong mga kahilingan.